

Pagsisimula sa Iyong Bagong Tagabigay

Simulan ang isang Bagay sa Mabuting Paraan

Sa unang pagkikipagkita sa iyong bagong tagabigay, mahalagang sabihin sa kanila kung ano ang iyong inaasahan. Pinakamabuting pag-usapan ang anumang mahihirap na isyu at magkasundo sa mga bagay bago siya magsimula sa trabaho.

Ang ilang sa mga bagay na maaaring gusto mong mapag-usapan ng iyong tagabigay ay nakalista sa ibaba.

Pagsusuri sa Pinahintulutang Gawain

Ipaliwanag kung anong mga gawain ang gagawin ng tagabigay para sa iyo at kung gaano karaming oras ang maaari niyang gugulin sa bawat gawain. Magpapadala sa iyo ang county ng listahan ng mga pinahintulutang gawain at ang tagal ng oras na pinahintulutan kapag inaprubahan o binago nila ang iyong mga oras. Siguraduhing sabihin sa iyong tagabigay kung paano mo gustong gawin ang mga gawain.

Mga Isyu sa Kalusugan

Sabihin sa iyong tagabigay ang tungkol sa anumang mga allergy, espesyal na pangangailangan sa diyeta, at iba pang mga isyu na nangangailangan ng espesyal na pangangalaga.

Nakakahawang Sakit

Pinakamainam para sa iyo at sa iyong tagabigay na sabihin sa isa't isa kung alinman sa inyo ay may anumang mga nakakahawang sakit, kabilang ang HIV, Hepatitis, Tuberculosis (TB), at iba pa.

Mga Kagamitan

Ipakita sa tagabigay kung saan inilalagay ang mga kagamitan at kung paano gamitin nang tama ang anumang espesyal na kagamitan.

Mga Gamot

Ipaliwanag kung anong tulong ang kailangan mo, kung mayroon, at ipaliwanag ang iyong iskedyul sa araw-araw na pag-inom ng gamot.

Impormasyong Pang-emerhensiya

Ibahagi ang lahat ng impormasyong kailangang malaman ng iyong tagabigay kung sakaling mangyari ang emerhensiya. Isama kung sino ang tatawagan kung sakaling magkaroon ng emerhensiya at kung paano lalabas ng bahay. Maglagay ng impormasyong pang-emerhensiya sa isang lugar na madaling makita palagi.

Iskedyul ng Trabaho

Maging malinaw kung anong mga araw darating ang iyong tagabigay at kung ilang oras siya magtatrabaho bawat araw. Sumang-ayon sa isang paraan upang masubaybayan ang mga oras upang matiyak mong napupunan nang tama ang timesheet at maiwasan ang mga paglabag sa timesheet na maaaring magresulta sa pagkawala ng tagabigay. Isaalang-alang ang paggamit ng isang kalendaryo o notepad upang masubaybayan ang mga gawain at oras ng trabaho bawat araw.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Ibigay sa isa't isa ang lahat ng mga numero ng telepono kung saan kayo maaaring tawagan at ang pinakamainam na oras para matawagan ninyo ang isa't isa.

Transportasyon

Hindi binabayaran ng IHSS ang halaga ng gas, insurance ng sasakyan, o pampublikong transportasyon. Tiyaking malinaw sa iyo kung sino ang magbabayad ng mga gastos na ito at ang iyong tagabigay ay may insurance ng sasakyan at isang balidong lisensiya sa pagmamaneho.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng IHSS ng county.